

Pangkalahatang-ideya sa Form ng Deklarasyon ng Nangungupahan

KUMILOS: Lagdaan ang Form ng Deklarasyon ng Nangungupahan upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong sambahayan mula sa pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa. Sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-72 ni Gobernador Pritzker, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-74, 2021-01, 2021-05 at 2021-06, ang proteksyon sa pagpapaalis ay limitado ngayon sa partikular na mga sambahayan. Kapag may utang ka sa upa, ang iyong kasero ay maaaring hindi magsampa ng kilos ng pagpapaalis laban sa iyo kung nagbigay ka ng deklarasyon na nagsasabing natugunan mo ang sumusunod na apat na pamantayan:

1. KINIKITA:

Hindi bababa sa isa sa mga sumusunod ang nalalapat sa akin:

- (i) Inaasahan kong kumita ng hindi hihigit sa \$99,000 sa taunang kita para sa Taon ng Kalendaryo 2020 (o hindi hihigit sa \$198,000 kapag nagsampa ng magkasamang pagbabalik ng buwis), o
- (ii) hindi ko kinakailangan na mag-ulat ng anumang kita sa 2019 sa U.S. Internal Revenue Service (IRS), o
- (iii) nakatanggap ako ng isang Pagbabayad sa Epekto sa Ekonomiya (hal. stimulus check) alinsunod sa Seksyon 2001 ng CARES Act.

2. KAWALAN NG KAKAYAHAN NA MAKAPAGBAYAD DAHIL SA COVID-19: Hindi ako makagawa ng buong pag-upa o bayad sa pabahay dahil sa isang paghihirap na may kaugnayan sa COVID-19 kasama ang, ngunit hindi limitado sa, malaking pagkawala ng kita, pagkawala ng mababayaran na oras ng trabaho o sahod, o isang pagtaas ng mga gastos na binabayaran mula sa sariling bulsa na direktang nauugnay sa pandemya ng COVID-19; at

3. PINAKAMAHUSAY NA PAGHIHIRAP: Ginagawa ko ang aking pinakamahasay na pagsisikap na gumawa ng napapanahong bahagyang mga pagbabayad na malapit sa buong bayad na pinapayagan ng aking pangyayari, na isinasaalang-alang ang iba pang mga gastos na dapat kong bayaran (hal., pagkain, mga kagamitan, pag-access sa telepono at internet, mga kagamitan sa paaralan, damit na pang-lamig, gastos sa medisina, pangangalaga sa bata, at mga gastos sa transportasyon, kabilang ang mga pagbabayad ng kotse, pagpapanatili, at seguro); at

4. NANGANGANIB: Kung paalisin, malamang na mawawalan ako ng tirahan, o mapilitang lumipat at manirahan sa magkakalapit na tirahan sa isang bagong grupo o lugar nang sama-samang paninirahan dahil wala akong ibang magagamit na mga pagpipilian sa pabahay.

Ang sinumang may ligal na karapatang paalisin ka, kasama ang iyong panginoong maylupa, ay kinakailangang magbigay ng isang kopya ng 2-pahina na form ng deklarasyon sa bawat nangungupahan sa pag-upa ng hindi bababa sa 5 araw bago ka bigyan ng iyong kasero ng paunawa ng pagwawakas ng iyong pag-upa. Kung ikaw ay isang nangungupahan na umaangkop sa mga pamantayan na nakalista sa itaas, **dapat mong pirmahan ang form ng deklarasyon sa ilalim ng parusa ng sumpa at ibalik ito sa iyong kasero upang maprotektahan sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap.** Dapat mo ring panatilihin ang isang kopya ng nalagdaan na deklarasyon para sa iyong sarili.

Kung ang isang may-ari ay may dahilan upang maniwala na ang isang nangungupahan ay nagbigay ng direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng ibang mga nangungupahan o isang agaran at matinding peligro sa pag-aari, maaari silang magsampa ng isang aksyon sa pagpapataalik laban sa taong iyon, kahit na nakumpleto nila ang isang deklarasyon.

Mangyaring tandaan na, kapag ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-72 ay wala nang bisa, ang iyong may-ari ay maaaring mangailangan ng buong pagbabayad ng renta.

Para sa anumang karagdagang mga katanungan, tingnan ang aming FAQ o makipag-ugnay sa isa sa aming Mga Kasosyo sa Komunidad para sa karagdagang suporta, [dito](#).

**[FORM] DEKLARASYON SA ILALIM NG PARUSA NG PANUNUMPA NA WALANG
KATOTOHANAN PARA SA ESTADO NG ILLINOIS KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-72**

Ang deklarasyong ito ay para sa mga nangungupahan, umuupa, pangalawang umuupa, at residente ng mga pag-aari na tirahan na sakop ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-72 ("EO 2020-72") ng Estado ng Illinois na pansamantalang pinahinto ang mga pagpapaalis sa tirahan (hindi kasama ang mga foreclosure sa mga nakasanlang bahay) upang pigilan ang karagdagang pagkalat ng COVID-19. Alinsunod sa EO 2020-72, dapat kang magbigay ng isang kopya ng deklarasyong ito sa iyong kasero, may-ari ng pag-aari na tirahan kung saan ka nakatira, o anumang iba pang tao o entidad na may karapatang paalisin o alisin ka mula sa iyong tirahan upang mahimok ang mga proteksyon ng EO 2020-72.

Ang bawat nasa hustong gulang na nakalista sa pag-upa, kasunduan sa pag-upa, o kontrata sa pabahay ay dapat kumpletuhin ang deklarasyong ito. Ipinagbabawal ng EO 2020-72 ang sinumang taong magsumite ng deklarasyong ito mula sa pagpapaalis o pagtanggap mula sa kanilang tirahan hanggang Hunyo 26, 2021, maliban kung ang tao ay nagbigay ng direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng ibang mga nangungupahan o isang agaran at matinding peligro sa pag-aari. Ang EO 2020-72 ay maaaring susugan o palawigin. Ang EO 2020-72 ay hindi magtatanggal sa iyo ng obligasyong magbayad ng renta o sumunod sa anumang iba pang obligasyon na maaaring mayroon ka alinsunod sa iyong kasunduan sa pag-upa o pagrenta. Ang deklarasyong ito ay sinumpaang patotoo, nangangahulugang maaari kang kasuhan, mapunta sa bilangguan, o magbayad ng multa kung magsisinungaling ka, manlililang, o tinanggal ang mahalagang impormasyon.

Pinatunayan ko sa ilalim ng parusa ng panunumpa ng walang katotohanan, alinsunod sa 720 ILCS 5/32-2, na ang naunang nabanggit ay totoo at tama:

- Inaasahan kong kumita ng hindi hihigit sa \$99,000 sa taunang kita para sa Taon ng Kalendaryo 2020 (o hindi hihigit sa \$198,000 kung maghain ng magkasamang pagbabalik ng buwis), hindi kinakailangan na mag-ulat ng anumang kita sa 2019 sa U.S. Internal Revenue Service, o nakatanggap ng isang Pagbabayad sa Epekto sa Ekonomiya alinsunod sa Seksyon 2001 ng CARES Act;
- Hindi ako makagawa ng buong pag-upa o bayad sa pabahay dahil sa isang paghihirap na may kaugnayan sa COVID-19 kasama ang, ngunit hindi limitado sa, malaking pagkawala ng kita, pagkawala ng mababayaran na oras ng trabaho o sahod, o isang pagtaas ng mga gastos na binabayaran mula sa sariling bulsa na direktang nauugnay sa pandemya ng COVID-19;
- Ako ay gumagamit ng pinakamahuhusay na pagsisikap na paunti-unting makapagbayad sa tamang oras na malapit sa buong kabayaran na maaaring pahintulutan ng mga pangyayari sa aking buhay, isinasaalang-alang ang iba pang mga kinakailangang gastusin;¹ at,
- Kung paalisin, malamang na mawalan ako ng tirahan, o mapilitang lumipat at manirahan sa magkakalapit na tirahan sa isang bagong grupo o lugar nang sama-samang paninirahan dahil wala akong ibang magagamit na mga pagpipilian sa pabahay.
- Naiintindihan ko na dapat pa rin akong magbayad ng renta o magbayad ng pabahay, at sumunod sa iba pang mga obligasyon na maaaring mayroon ako sa ilalim ng aking pag-upa, kasunduan sa pag-upa, o katulad na kontrata. Nauunawaan ko pa na ang mga bayarin, parusa, o interes para sa hindi pagbabayad ng upa o pagbabayad sa pabahay sa oras na hinihiling ng aking pag-upa, kasunduan sa pag-upa, o katulad na kontrata ay maaari pa ring singilin o kolektahin.
- Nauunawaan ko pa na sa pagtatapos ng pansamantalang paghinto sa pagpapaalis na ito, ang aking kasero, ang may-ari ng pag-aari na tirahan kung saan ako nakatira, o anumang iba pang tao o entidad na may karapatang paalisin ako o alisin mula sa kung saan ako nakatira, ay maaaring mangailangan ng buong kabayaran para sa lahat ng mga pagbabayad na hindi nagawa bago at sa pansamantalang paghinto at ang kabiguan na magbayad ay maaaring magdulot sa akin ng pagpapaalis alinsunod sa mga batas ng estado at mga lokal na ordinansa.

Naiintindihan ko na ang anumang mali o mapanlinlang na pahayag o pagkukulang ay maaaring magresulta sa mga aksyong kriminal at sibil para sa multa, parusa, pinsala, o pagkabilanggo.

Lagda ng Nagpapahayag

Petsa

¹ Kasama sa mga "kinakailangang gastusin" ang, ngunit hindi limitado sa, pagkain, mga kagamitan, pag-access sa telepono at internet, mga gamit sa paaralan, damit na pang-lamig, gastos sa medikal, pangangalaga sa bata, at mga gastos sa transportasyon, kabilang ang mga pagbabayad sa kotse at seguro.